# MGA PAGSUBOK AT KAPIGHATIAN PAGKATAPOS NG PAGBABALIK-LOOB (BAHAGI 1 NG 2): ANG AWA NI ALLAH AY NAKAPALOOB SA MGA KAHIRAPAN SA BUHAY

**Marka:**

**Deskripsyon:** Isang maikling pagtanaw sa kung ano ang nangyayari pagkatapos ng pagbabalik-loob sa Islam. Paano at bakit ang unang kagalakan minsan ay nagiging pagsubok ng lakas at pagkatao.

**Kategorya:** Mga Aral › Pakikipag-ugnayang Lipunan › Pamamahala sa Pagbabago

**Ni:** Aisha Stacey (© 2012 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 28 Mar 2018

**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin:

- ·Upang maunawaan kung bakit pagkatapos ng pagbabalik-loob sa Islam ay tila marami ang sinubok ng malalaking pagsubok at kapighatian.

Mga Terminolohiyang Arabik:

- ·*Sahabah* - ang pangmaramihang anyo ng "Sahabi," na isinalin sa tagalog na Kasamahan. Ang isang *sahabi*, bilang salita na karaniwang ginagamit ngayon, ay isang taong nakakita kay Propeta Muhammad, naniwala sa kanya at namatay bilang isang Muslim.

- ·*Hadith* - (pangmaramihang - *ahadith*) ay isang piraso ng impormasyon o isang kuwento. Sa Islam ito ay isang talaan ng salaysay ng mga kasabihan at mga pagkilos ni Propeta Muhammad at ng kanyang mga kasamahan.



Ang pagbabalik-loob sa Islam ay kadalasang ipinagpapalagay bilang isa sa pinakadakilang araw sa buhay ng isang tao. Ang buhay ay nakakasumpong ng kaliwanagan, pakiramdam mo ikaw ay mas malaki, mas mahusay, at mas malakas. Nararamdaman mo ang pangingilig sa matinding kagalakan. Marami sa atin ang gustong sumigaw ng malakas. Ang ilan ay masuwerteng napapalibutan ng mga kaibigan at pamilya, ang iba ay nagbalik-loob ng pribado sa kanilang sariling tahanan o kahit na sa silid-tulugan. Ang iba ay ligaw at walang mapuntahan, mag-isa o walang tirahan. Ngunit ngayon ikaw ay isang Muslim, bahagi ng isang pandaigdigang kapatiran; bahagi ng isang pamilya. Para sa marami maaaring ito ang unang pagkakataon na nadama nila ang pagiging isang bahagi ng anumang bagay. Sa isang panandaliang sandali o sa mas matagal na pagpapakilala sa isang bagong tunay na buhay, ang lahat ay perpekto. Sa ibang pagkakataon, at ito ay iba sa bawat isa sa atin, ang katotohanan ay

nagsisimula.

Kasama ng mga tagumpay ay dumarating ang mga pagsubok at kapighatian. Siyempre ito ay isang malaking hakbang, isang napakalaking pagbabago, hindi lamang para sa taong tumatanggap ng Islam kundi pati na rin sa kanyang mga kaibigan, pamilya at kasamahan. Minsan maaaring maramdaman na parang mabilis ang lahat ng nangyayari, sa iba pang mga pagkakataon at para sa iba, para bang hindi ka maaaring matuto agad nang sapat at ang mga pagsubok at kapighatian ay tila dumudurog sa iyong bagong natagpuang kaligayahan. Ang isang tao ay maaaring magtanong din kung bakit patuloy na sinusubukan siya ni Allah gayong nakita na niya sa wakas ang katotohanan ng buhay at niyakap niya si Allah at ang Islam ng buong-puso. Sa sitwasyong ito ay makakatulong na maunawaan kung bakit ang isang mananampalataya ay nakakaranas ng mga pagsubok at kapighatian, at kung bakit kasama sa labis na kagalakan ay maaaring dumating ang kalungkutan at mga hindi inaasahang mga problema.

Ang ating pag-iral dito sa lupa ay walang iba kundi ang isang pansamantalang pagtigil sa daan patungo sa ating walang hanggang tahanan. Kapag ang isang tao ay tunay na nauunawaan at tinatanggap ang lahat ng ibig sabihin ng katotohanang ito, ito ay magniningning ng kakaibang liwanag sa ating mga pagsubok at kapighatian. Ipagpalagay na ikaw ay, nasa isang malaking pandaigdigang paliparan, sa biyahe ay balisang naghihintay na makauwi. Kung minsan ay mabilis na lumilipas ng maayos ang oras, ngunit sa iba pang mga pagkakataon ay may mga pagkaantala, mga nakansela na mga paglipad, mga tauhan na maiinit ang ulo at teribleng mga pagkain sa paliparan (di makain). Anuman ang iyong nararanasan, ang oras ay lumilipas pa rin at sa huli ikaw ay nakauwi. Kapag babalikan mo ang karanasan na ito tila mayroong isang maliit na blip ( maliliit na sagabal) sa isang maayos na paglalakbay ngunit sa oras na iyon ito ay malaking abala. Ang buhay sa mundong ito ay medyo kagaya nito. Malinaw na binanggit ni Allah na ang mundong ito na ating hinahangad ay walang anuman kundi isang lugar ng mga paghihirap at pagsubok at hindi lamang iyon, sa malaking plano ng buhay (kabilang buhay) ito ay di nagtatagal o napakaikli.

***“At katiyakan. kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na nakakapangamba, gutom, kawalan ng yaman, buhay at mga pananim, subalit magbigay ng magandang balita para sa mga matiisin.” (Quran 2:155)***

***“At itong makamundong buhay ay isa lamang pag-aaliw at paglilibang! Katotohanan, ang tahanan ng Kabilang Buhay - iyan ang walang hanggang buhay, kung ito ay kanilang nababatid lamang.” (Quran 29:64)***

Mayroong karunungan sa likod ng mga pagsubok at kapighatian na binibigay ni Allah sa atin, at ito ay nakakaginhawa na malaman na ang mga ito ay mga gawang walang pinipili ng isang malupit na hindi organisadong daigdig . Ang ating pag-iral ay bahagi ng isang mahusay at maayos na mundo, isang mundo na nilikha ni Allah para sa ating kasiyahan. Gayunpaman ito ay isang lugar ng higit pa sa makamundong kasiyahan. Narito ang pagtupad natin sa ating tunay na layunin na sambahin si Allah, sa mga

panahong mabauti at masama. Kaya mahalaga na maunawaan na si Allah ay hindi nagpapasiya para sa isang mananampalataya ng kahit ano kundi mabuti. Ang nakikita ng isang tao na masama ay maaaring sa katunayan ay naglalaman ng maraming kabutihan. Si Propeta Muhammad, nawa'y ang awa at pagpapala ni Allah ay sumakanya, ay nagsabi, "Napakaganda ng mga gawain ng mananampalataya, sapagkat lahat ng mga ito ay mabuti. Kapag may isang magandang bagay na mangyayari sa kanya, siya ay nagpapasalamat para dito at iyon ay mabuti para sa kanya. Kung may masamang bagay na mangyayari sa kanya, siya ay nagtitiis at iyon ay mabuti rin para sa kanya."[1]

Sinusubok tayo ni Allah ng mga pagsubok at kapighatian ng buhay, at kung pagtitiisan natin ang mga ito ay makakamit natin ang isang dakilang gantimpala. Sa pamamagitan ng pagbabago ng mga kalagayan at mga panahon ng pagsubok, sinusubok ni Allah ang ating antas ng pananampalataya at tinitiyak ang ating kakayahang maging matiisin at tinatanggal ang ilan sa ating mga kasalanan. Si Allah ay maibigin sa lahat at matalino sa lahat at ang nakakaalam sa atin nang higit kaysa sa alam natin sa ating sarili. Hindi natin maaabot ang Paraiso kung wala ang Kanyang awa at ang Kanyang awa ay mahahayag sa mga pagsubok at paghihirap sa buhay na ito. Nais ni Allah na gantimpalaan tayo ng buhay na walang hanggan at kung ang sakit at paghihirap ay makatutulong upang makamit ang Paraiso, kung gayon ang mga pagsubok at kapighatian ay pagpapala. Ang mga ito ay hindi iba sa mga bagong nagbalik-loob sa Islam, ni hindi ito ang sukatan ng kasiyahan o pagkasuklam ni Allah. Alam ni Allah kung ano ang kayang dalhin ng bawat tao at kung ano ang kailangan ng bawat tao upang mapakinabangan ang kanilang mga pagkakataon para sa isang maluwalhating gantimpala.

Mayroong maraming mga *ahadith* na nagpapaliwanag ng mga dahilan kung bakit tayo binibigyan ng mga pagsubok at kapighatian. Sinabi ni Propeta Muhammad, "Kung nais ng Diyos na gumawa ng kabutihan sa isang tao, binibigyan Niya ito ng mga pagsubok."[2] Sinabi rin niya, "Ang isang tao ay susubukin ayon sa antas ng kanyang paglalaan sa relihiyon, at ang mga pagsubok ay mananatiling nakakaapekto sa isang alipin ng Diyos hanggang siya ay naiwan sa paglakad sa ibabaw ng lupa ng walang pasanin na kasalanan kahit ano pa man"[3]

Dapat nating tanggapin ang mga pagsubok at kapighatian bilang isang bahagi ng pagiging buhay, gayundin ang mga masasayang sandali at mga tagumpay. Mula sa pinakamataas na taas hanggang sa pinakamababang baba, ang kondisyon ng tao ay isang pagpapala mula kay Allah na idinisenyo nang natatangi para sa bawat indibidwal na tao. Sa mga sumusunod na aralin ay kukuha tayo ng inspirasyon mula sa mga Propeta at sa *sahabah* at matutunan kung paano sila tumugon sa harap ng mga dakilang pagsubok at kapighatian.

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari*

| | |
|---|---|
| [2] | Ibid. |
| [3] | Ibn Majah |

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/148/mga-pagsubok-at-kapighatian-pagkatapos-ng-pagbabalik-loob-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.